ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 5| May 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# KOMUNIKATIBONG KASANAYANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO SA FILIPINO

**Win Love G. Montecalvo[1], Erwin R. Bucjan[2]**
[1]*Mount Olive National High School Mt. Olive, Bayugan City*
[2]*North Eastern Mindanao State University, Tandag City*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra21458**
**DOI No: 10.36713/epra21458**

**ABSTRAK**

*Nilalayon ng pag-aaral na ito na tuklasin ang demograpikong profayl ng mga guro, antas ng komunikatibong kasanayan ng mga guro at mag-aaral, makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng komunikatibong kasanayan guro at mag-aaral, kaugnayan ng komunikatibong kasanayan ng guro at komunikatibong kasanayan ng mga mag-aaral, at impluwensiya ng komunikatibong kasanayan ng guro sa komunikatibong kasanayan ng mga mag-aaral. Purposive sampling ang ginamit sa pagpili ng mga respondente sa 13 piling pampublikong paaralan sa sekondarya ng Bayugan City Division, Rehiyon ng Caraga. Batay sa resulta ng pag-aaral, lumalabas na ang pinakamalaking bahagi ng mga kalahok ay nasa posisyong Teacher I (42.50%), na may espesyalisasyon sa asignaturang Filipino (62.50%), at may karanasang pagtuturo ng anim hanggang sampung taon (42.50%). Ipinapakita ng datos na mataas ang antas ng komunikatibong kasanayan ng mga guro at mag-aaral, ngunit may mga tiyak na kakulangan, lalo na sa aspeto ng pagsulat at diskorsal na kasanayan. Bagamat may positibong ugnayan sa kasanayan ng guro at mag-aaral, may iba pang salik tulad ng motibasyon, kapaligiran, at suporta na mas malaki ang epekto sa proseso ng pagkatuto. Patuloy na humaharap ang mga guro sa mga hamon ng makabagong panahon; kahit na may kakulangan sa kahandaan, taglay naman nila ang kakayahan at kapasidad na malampasan ang mga suliraning kinakaharap sa kasalukuyan. Iminumungkahi ang pagpapalawak ng saklaw ng pananaliksik at pagbuo ng training design na tumutugon sa pangangailangan ng mga guro sa Filipino.*

**MGA SUSING SALITA**: *Komunikatibong Kasanayang Pangwika, Kakayahang Lingguwistiko, Kakayahang Sosyolingguwistiko, Kakayahang Pragmatik at Istratedyik, at Kakayahang Diskorsal*

## INTRODUKSYON

Hindi mapasusubalian ang papel na ginagampanan ng komunikatibong kasanayan sa buhay ng guro at mag-aaral, lalong-lalo na sa kalidad ng edukasyon (Nincevic & Juric, 2023). Ang dekalidad na edukasyon ay nangangailangan din ng dekalidad na guro (Co et al., 2021). Ang katangian, kadalubhasaan at kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ay sumasalamin sa antas ng akademikong tagumpay ng mga mag-aaral (Nincevic & Juric, 2023). Samakatuwid, ang mga gurong maalam at may sapat na kasanayang komunikatibo ay makalilikha ng isang mabungang proseso ng pagkatuturo at pagkatuto (Shin et al., 2021).

Ang *communicative competence* ay konsepto ni Dell Hymes upang ilarawan at isalaysay, ang kakayahan na mayroon ang mga tagapagsalita at tagapakinig upang makipag-usap nang naaangkop sa iba't ibang kontekstong panlipunan (Vorwerg, 2015). Ito ang angking kahusayan na maiparating ng isang tao ang kanilang mga iniisip at ideya sa iba tungo sa pagkamit ng mga layunin sa isang pag-uusap (Ablakulov, 2023). Binubuo ito ng apat na sangkap; ito ay ang kasanayang linggwistiko, sosyo-kultural, pragmatik at strategik, at diskorsal. Ang Kakayahang Linggwistiko o ang kakayahang magamit ang wikang binibigkas at sinusulat na may kawastohan sa istruktura. Ito ay nakadiin sa bokabolaryo, paraan ng pagbigkas at gramatikal na aspeto ng wika (Abdullah, 2022). Ikalawa, ang Kakayahang Sosyolinggwistiko o ang pag-alam at pag-unawa kung paano magsalita batay sa iba't ibang sitwasyon, pangkat, layunin ng pakikipag-ugnayan, at ang mga pamantayan o kumbensyon ng mga pakikipagugnayan (Schroeder na binanggit nina Martinez at De Vera, 2019). Ikatlo ay ang Kakayahang Pragmatik at Istratedyik, kung saan ang binigyang pakahulugan ito ni Dawit (2020) bilang matagumpay na paghahatid ng impormasyon o pagpaparating ng kahulugan ng isang tagapakinig at wastong pagpapakahulugan ang impormasyong natanggap. Ikaapat ay ang ang Kakayahang Diskorsal o ang kakayahang bumuo ng magkakaugnay at angkop na mga diskurso sa mga panlipunan, interkultural, at propesyonal na konteksto. Dagdag pa, ito ay ang kapasidad ng tagapagsalita na mapunan ang puwang sa kanilang kaalaman sa target na wika" (Littlemore at Low, batay sa tala ni Dawit, 2020). Sa larangan ng pagtuturo at pagkatuto, ito ay mahalaga sa mga guro dahil ito ang panulukang bato ng larangang kinabibilangan. Kailangan ng mga guro na hasain ang komunikatibong kasanayan upang makalikha ng matibay na makipag-ugnayan sa mga mag-aaral, epektibong makapagbigay ng pidbak. Samantala, ang mga respondente para sa isasagawang panayam ay piling mga guro na may hindi bababa sa limang (5) taon ng karanasan sa pagtuturo ng Filipino. Kabilang sa mga ito

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 5| May 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

ang mga gurong hindi man espesyalisado sa Filipino ngunit kasalukuyang nagtuturo ng naturang asignatura. Sa kabilang banda, ang mga mag-aaral na kalahok sa pag-aaral ay mula sa antas ng *Junior High School* na kasalukuyang kumukuha ng asignaturang Filipino sa taong panuruan 2024–2025.tentikong input at maisulong ang pagkatuto ng mag-aaral (Ablakulov, 2023). Dagdag pa, esensyal ang komunikatibong kasanayan sa pagtuturo sa loob ng klasrum dahil naiwawaksi nito ang pagkalito at epektibong inatatawid ang mensahe mula sa guro tungo sa mag-aaral (Markova & Ishimova, 2022).

Sa kasalukuyan, nanatiling isang malaking hamon para sa mga guro na matugunan ang kahingihan ng kurikulum sa pamamagitan ng ibayong pagsasanay at pagpapayaman ng sariling kasanayan. Ang Philippine Professional Standards for Teachers ang tuntungan sa patuloy na pagpapaunlad sa propesyonal na kakayahan ng guro tungo sa isang pangmatagalang pagkatuto o lifelong learning. Layunin nitong ipaliwanag ang kahalagahan ng maalam na guro sa pagpapayabong ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng de-kalidad na pagtuturo. Bagamat sa kabila ng mga layunin ng Kagawaran ng Edukasyon, kinakitaan pa rin ng kasalatan ng mga pagsasanay sa asignaturang Filipino. Batay sa *Assessing Basic Education Service Delivery in the Philippines* noong taong 2016, halos nasa 22% ng mga guro sa Filipino ang may kakayahang sagutan ang pagtatayang ibinigay nila sa kanilang mga mag-aaral, malayo sa estandard na 75% (Al-Samarrai, 2016). Kabilang din sa mga hamong kinakaharap ng mga guro sa Filipino ay ang kakulangan sa contextualized learning materials at kaalaman sa wika at panitikan (Tica-a, 2023). Iniulat ni Canubas (2021) na isa sa mga natuklasan sa mga nakaraang pag-aaral sa mga nangungunang sistema ng paaralan sa mundo ay ang kalidad ng edukasyon sa Pilipinas ay hindi maaaring lumampas sa kalidad ng mga guro nito. Ang mababang performance ng mga Pilipino sa pambansa at internasyonal na pagsusulit ay isang manipestasyon na maraming guro sa Filipino ang hindi nakabisado ang nilalaman ng ang kurikulum at ang paksa. Sinasalamin lamang nito na ang mga pagsasanay pangguro sa Filipino ay nangangailangan ng mas makabagong bihis o rekalibrasyon (Gime, 2023).

Hindi naiiba ang sitwasyon ng Dibisyon ng Bayugan City sa kabuuan ng bansa. Sanhi ng pagbabagong dala ng kapapatupad na MATATAG kurikulum. Tunguhin ng pananaliksik na ito na makapagbigay ng pangkalahatang pananaw sa kasalukuyang sitwasyon ng mga guro sa Filipino upang mapagbuti ang mga pamamaraan ng pagtuturo at pagkatuto na tutulong sa kanilang matugunan ang mga pangangailangan ng makabagong kurikulum. Ang pananaliksik na ito ay naglalayong sukatin ang antas ng komunikatibong kasanayan ng mga piling guro at mag-aaral sa Filipino sa Dibisyon ng Bayugan City. Layon din ng pag-aaral na sipatin ang kaugnayan at impluwensya ng komunikatibong kakayahan ng guro at komunikatibong kasanayan ng mga mag-aaral pati na rin ang mga salik na maaaring makaapekto sa kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ng nasabing asignatura. Ito ay magiging pundasyon para sa mga hakbangin at rekomendasyon na maaaring maisagawa upang mapabuti ang kalidad ng edukasyon at ang kakayahan ng mga guro na magturo ng Filipino bilang wika ng komunikasyon sa mga mag-aaral.

**Layunin ng Pag-aaral**

Layunin ng pag-aaral na ito na magbigay ng pangkalahatang pananaw sa kasalukuyang sitwasyon ng mga guro sa Filipino upang mapahusay ang mga pamamaraan ng pagtuturo at pagkatuto alinsunod sa makabagong kurikulum. Aalamin din ng mga mananaliksikang mga sumusunod:

1. Ano ang demograpikong profayl ng mga guro?
2. Ano ang antas ng komunikatibong kasanayan ng mga guro at mag-aaral?
3. Ano ang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng komunikatibong kasanayan guro at mag-aaral?
4. Ano ang kaugnayan ng komunikatibong kasanayan ng guro at komunikatibong kasanayan ng mga mag-aaral?
5. Ano ang impluwensiya ng komunikatibong kasanayan ng guro sa komunikatibong kasanayan ng mga mag-aaral?

**Metodolohiya**

Ang pag-aaral na ito ay may kwalitatibong disenyo. Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang mga komunikatibong kasanayan pagtuturo at pagkatuto sa Filipino ng mga piling guro at piling mag-aaral sa Bayugan City Division. Sinaklaw ng pag-aaral na ito bilang mga tagatugon ay ang mga piling guro na nagtuturo ng Filipino at mga mag-aaral na kumukuha ng asignaturang ito sa 13 piling pampublikong paaralan sa sekondarya ng dibisyon ng Bayugan City, Kagawaran ng Edukasyon sa Rehiyon ng Caraga. Ang mga respondente para sa pag-aaral na ito ay pinili gamit ang *purposive sampling* method. Ayon kay Creswell (2014), ito ay nagsasangkot sa pagpili ng mga kalahok, lokasyon, o aksyon batay sa partikular na pamantayan na naaayon sa suliranin ng pananaliksik at disenyo ng pag-aaral. Ito ay isang paraan ng pagtukoy ng epektibong paggamit ng limitadong datos (Andrade, 2020).

Ang pag-aaral ay kinasasangkutan ng mga guro at mag-aaral sa Filipino sa 13 piling paaralan sa Dibisyon ng Bayugan City. Binubuo ito ng mga guro sa Junior High School na may isa o higit pang taon ng karanasan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Kabilang sa mga ito ang mga gurong hindi man espesyalisado sa Filipino ngunit kasalukuyang nagtuturo ng naturang asignatura. Sa kabilang banda, ang mga mag-aaral na kalahok sa pag-aaral ay mula sa antas ng Junior High School na kasalukuyang kumukuha ng asignaturang Filipino sa taong panuruan 2024–2025.

Nagkaroon ng mga hakbang sa pag-aaral ang mga mananaliksik. Unang hakbang ay ang pagsagawa ang mananaliksik ng pormal na liham upang humingi ng pahintulot sa Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan para sa pagsasagawa ng pananaliksik. Pangalawa, humingi ng pahintulot sa mga Ulong Guro upang ipamahagi ang mga talatanungan sa mga guro at mag-aaral na magiging kalahok sa pag-aaral. Pangatlo hakbang,

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 5| May 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

isinailalim sa balidasyon ng mga eksperto ang mga sarbey kwestyuner at gabay na talatanungan. Pang-apat, pagsasagawa ng *pilot testing* ng mga kagamitan sa Esperanza National High School, Dibisyon ng Agusan del Sur.

Panglimang hakbang ay ang pagsasagawa ng aktwal na pagkalap ng datos mula sa mga guro at mag-aaral sa Dibisyon ng Bayugan City. Ang mga sarbey kwestyuner ay ipinamigay sa mga piling guro at mag-aaral, habang ang mga panayam ay isinagawa sa napiling mga guro mula sa 13 paaralan. Pagkatapos makolekta ang mga datos, sinimulan ng mananaliksik ang pag-aayos ng mga ito. Panghuli, sa tulong ng isang eksperto sa estadistika, isinagawa ang pagsusuri sa kwantitatibong datos gamit ang naaangkop na *statistical treatment.*

## 1. RESULTA AT DISKUSYON

Ang pag-aaral na ito ay gumagamit ng mga talahanayan sa paglalahad ng mga datos upang ang mga ito ay madaling maunawaan at mabigyang kahulugan.

### A. Demograpikong Profayl ng mga Guro

**Talahanayan 1.**

| Pinakamataas na Antas ng Pinag-Aralan | Frequency | Percentage |
|---|---|---|
| Doctorate Degree (Earned Units) | 2 | 5.00% |
| Masters Degree (Earned Units) | **24** | **60.00%** |
| Bachelors Degree | 14 | 35.00% |
| **Total** | 40 | **100.00%** |
| **Specialization** | **Frequency** | **Percentage** |
| Biology | 1 | 2.50% |
| English | 7 | 17.50% |
| Filipino | **25** | **62.50%** |
| Home Economics | 1 | 2.50% |
| Mathematics | 1 | 2.50% |
| Science | 2 | 5.00% |
| Social Studies | 2 | 5.00% |
| Values Education | 1 | 2.50% |
| **Total** | **40** | **100.00%** |
| **Posisyon** | **Frequency** | **Percentage** |
| T-I | **17** | **42.50%** |
| T-II | 8 | 20.00% |
| T-III | 15 | 37.50% |
| **Total** | **40** | **100.00%** |
| **Bilang ng Taon na Nagtuturo** | **Frequency** | **Percentage** |
| Less than 1 year | 1 | 2.50% |
| 1-5 years | 13 | 32.50% |
| 6-10 years | **17** | **42.50%** |
| 11 years and Above | 9 | 22.50% |
| **Total** | 40 | **100.00%** |

Batay sa isinagawang pagsusuri, lumalabas na ang pinakamaraming bilang ng mga kalahok ay nasa posisyong Teacher I (42.50%), na may espesyalisasyon sa asignaturang Filipino (62.50%), at may karanasang nagtuturo ng anim hanggang sampung taon (42.50%). Sa aspektong pang-akademiko, ipinakikita ng datos na 60.00% sa kanila ay nakatapos ng yunit sa antas ng Master’s Degree, 35.00% ay nagtapos ng Bachelor’s Degree, samantalang 5.00% ay may yunit sa antas ng Doctorate Degree. Ang datos na ito ay nagpapahiwatig ng mataas na antas ng kwalipikasyon ng mga kalahok, gayundin ng kanilang matibay na karanasan at kaalaman sa pagtuturo.

### B. Antas ng Komunikatibong Kasanayan ng mga Guro at Mag-aaral

**Talahanayan 2. *Kakayahang Lingguwistiko***

| Kakayahang Lingguwistiko | Std Devn | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| 1. Marunong akong gumamit ng wika at mga bahagi ng pananalita nang tama. | 0.53 | 4.65 | Lubos na Sumasang-ayon (Strongly Agree) |
| 2. Kaya kong magpaliwanag ng malinaw at maayos tungkol sa aking mga ideya at kaalaman. | 0.45 | 4.73 | Lubos na Sumasang-ayon (Strongly Agree) |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 5| May 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

| | | | |
|---|---|---|---|
| 3. Kaya kong magbigay ng tamang pagpapaliwanag, pagwawasto, pagtatanggi, at pagpupuna. | 0.55 | 4.53 | Lubos na Sumasang-ayon (Strongly Agree) |
| 4. Mahalaga sa akin ang pagtatanong bilang paraan ng komunikasyon at pagninilay. | **0.38** | **4.83** | **Lubos na Sumasang-ayon (Strongly Agree)** |
| 5. May sapat akong kaalaman sa ponolohiya, morpolohiya, gramatika, at leksikal. | 0.62 | 4.15 | Sumasang-ayon (Agree) |
| 6. May malawak akong bokabularyo at nagagamit ko ito sa iba't ibang usapan. | 0.67 | 4.25 | Lubos na Sumasang-ayon (Strongly Agree) |
| 7. Gumagamit ako ng tamang intonasyon, diin, at tono sa pagsasalita. | 0.64 | 4.58 | Lubos na Sumasang-ayon (Strongly Agree) |
| 8. Pumipili ako ng mga tamang salita para magbigay ng impormasyon o kaalaman. | 0.45 | 4.73 | Lubos na Sumasang-ayon (Strongly Agree) |
| 9. Marunong akong magbaybay ng mga salita nang tama. | 0.35 | 4.68 | Lubos na Sumasang-ayon (Strongly Agree) |
| 10. Marunong akong magsulat ng mga akdang pampanitikan ayon sa tamang estruktura at gramatika. | 0.53 | 4.13 | Sumasang-ayon (Agree) |
| **Kabuuan** | **0.60** | **4.52** | **Lubos na Sumasang-ayon (Strongly Agree)** |

Ipinapakita ng *Talahanayan 2* na ang pangkalahatang resulta para sa **Kakayahang Lingguwistiko** ng mga guro at mag-aaral ay nasa deskripsyong **"Lubos na Sumasang-ayon"** (*mean = 4.52; standard deviation = 0.60*), na nagpapahiwatig ng mataas na kumpiyansa ng mga kalahok sa kanilang kasanayang lingguwistiko. Ipinapakita nito na mahusay nilang nagagamit ang wika sa iba't ibang anyo ng komunikasyon, kabilang na ang mga akademikong konteksto.

Dagdag pa rito, **"Lubos na Sumasang-ayon"** din sila sa pahayag na, "*Mahalaga sa akin ang pagtatanong bilang paraan ng komunikasyon at pagninilay*," na may *mean* na *4.83*. Ang mataas na antas ng pagsang-ayon sa pahayag na ito ay nagpapakita ng kanilang malay-tao at intensiyonal na paggamit ng mga tanong upang pasiglahin ang diskurso, linangin ang kritikal na pag-iisip, at palalimin ang pag-unawa sa mga paksang tinatalakay. Samantala, ang *standard deviation* na *0.38* ay nagpapahiwatig ng mataas na antas ng pagkakapare-pareho ng mga tugon ng mga kalahok.

Makikita rin sa talahanayan na **"Sumasang-ayon"** sila sa mga pahayag na "*May sapat akong kaalaman sa ponolohiya, morpolohiya, gramatika, at leksikal*" (*mean = 4.15; standard deviation = 0.62)* at *"Marunong akong magsulat ng mga akdang pampanitikan ayon sa tamang estruktura at gramatika" (mean = 4.13; standard deviation = 0.53)*. Ipinapakita ng mga resultang ito na bagama't bahagyang mas mababa ang mean kumpara sa naunang pahayag, nananatiling positibo ang pagtataya ng mga kalahok sa kanilang kasanayang lingguwistiko.

**Talahanayan 2.1** ***Kakayahang Sosyolingguwistiko***

| Kakayahang Sosyolingguwistiko | Std Devn | Mean | Description |
|---|---|---|---|
| 1. Ginagamit ko ang tamang mga tawag at pagkilala sa aking mga mag-aaral at iba pang tao. | 0.54 | 4.63 | Lubos na Sumasang-ayon (Strongly Agree) |
| 2. Napapanahon at madiskarteng ginagamit ko ang wika para sa silid-aralan at sa pamamahala ng pag-uugali ng mag-aaral | 0.55 | 4.53 | Lubos na Sumasang-ayon (Strongly Agree) |
| 3. Alam ko kung paano isaalang-alang ang mga tagapakinig, kung paano suriin ang kanilang kaalaman, magpaliwanag ng mga bagong termino, ibuod ang mga ideya, at gawing malinaw ang aking plano sa komunikasyon. | 0.59 | 4.40 | Lubos na Sumasang-ayon (Strongly Agree) |
| 4. Nagbibigay ako ng malinaw at tiyak na impormasyon sa mga nakikinig. | 0.45 | 4.73 | Lubos na Sumasang-ayon (Strongly Agree) |
| 5. Sensitibo ako sa paggamit ng iba't ibang wika o dialekto. | 0.59 | 4.43 | Lubos na Sumasang-ayon (Strongly Agree) |
| 6. Gumagamit ako ng tamang pagsasalaysay o paglalarawan upang bigyan-diin ang aking punto. | 0.48 | 4.65 | Lubos na Sumasang-ayon (Strongly Agree) |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 7. Kaya kong makipag-usap nang epektibo gamit ang wika at maiparating ng maayos ang ibig kong sabihin. | 0.49 | 4.63 | Lubos na Sumasang-ayon (Strongly Agree) |
| 8. Inaangkop ko ang mga salita ayon sa paksa at sitwasyon. | **0.44** | **4.75** | **Lubos na Sumasang-ayon (Strongly Agree)** |
| 9. May malawak akong kaalaman sa rehistrong wika at nagagamit ko ito ng tama. | 0.68 | 4.28 | Lubos na Sumasang-ayon (Strongly Agree) |
| 10. Inaangkop ko ang mga tamang kumbensyon at kilos sa pakikipag-usap. | 0.60 | 4.45 | Lubos na Sumasang-ayon (Strongly Agree) |
| **Kabuuan** | **0.56** | **4.55** | **Lubos na Sumasang-ayon (Strongly Agree)** |

Makikita sa *Talahanayan 2.2* na ang pangkalahatang resulta para sa **Kakayahang Sosyolingguwistiko** ng mga guro at mag-aaral ay nasa antas ng **"Lubos na Sumasang-ayon"** *(mean = 4.55; standard deviation = 0.56)*. Ipinapahiwatig nito na taglay ng mga kalahok ang mataas na antas ng kamalayan at kakayahan sa paggamit ng wika nang angkop sa iba't ibang konteksto ng komunikasyon, kabilang ang pagsasaalang-alang sa ugnayan ng mga tagapagsalita, antas ng pormalidad ng sitwasyon, at layunin ng pag-uusap.

Kapansin-pansin ang mataas na *mean* na *4.75* para sa pahayag na *"Inaangkop ko ang mga salita ayon sa paksa at sitwasyon,"* na nagpapakita ng matibay na kasanayan ng mga kalahok sa pag-aangkop ng wika batay sa hinihingi ng partikular na konteksto. Ipinapakita nito ang kanilang kahusayan sa paggamit ng wika sa paraang akma sa anyo ng diskurso—pormal man o di-pormal, akademiko man o praktikal. Samantala, ang naitalang *standard deviation* na *0.44* ay nagpapahiwatig ng mataas na antas ng pagkakapare-pareho sa mga tugon, na nagpapakita ng pagiging konsistent ng pananaw ng mga kalahok hinggil sa kanilang kakayahang sosyolingguwistiko.

**Talahanayan 2.2** ***Kakayahang Pragmatik at Istratedyik***

| Kakayahang Pragmatik at Istratedyik | Std Devn | Mean | Description |
|---|---|---|---|
| 1. Nagpapakita ako ng tamang ekspresyon ng mukha kapag nagsasalita. | 0.49 | 4.75 | Lubos na Sumasang-ayon (Strongly Agree) |
| 2. Gumagamit ako ng tamang kumpas ng kamay para ipaliwanag ang mga ideya o punto. | 0.55 | 4.60 | Lubos na Sumasang-ayon (Strongly Agree) |
| 3. Tumutugon ako sa mga problema sa komunikasyon na nagpapahirap sa pagpapahayag o pag-unawa. | 0.50 | 4.60 | Lubos na Sumasang-ayon (Strongly Agree) |
| 4. Gumagamit ako ng wika ng maayos at magkakaugnay sa pagpapahayag ng kaalaman. | 0.48 | 4.65 | Lubos na Sumasang-ayon (Strongly Agree) |
| 5. Ginagamit ko ang wika ng maayos at ayon sa sitwasyon para ipahayag ang kaalaman. | 0.46 | 4.70 | Lubos na Sumasang-ayon (Strongly Agree) |
| 6. Gumagamit ako ng tamang bantas sa pagsulat. | **0.38** | **4.83** | **Lubos na Sumasang-ayon (Strongly Agree)** |
| 7. Pumipili ako ng tamang salita sa pagsasalita o pagsulat. | 0.42 | 4.78 | Lubos na Sumasang-ayon (Strongly Agree) |
| 8. Ginagamit ko ang wika ng tama kapag ikino-konekta ko ito sa isang partikular na konteksto at kultura. | 0.48 | 4.65 | Lubos na Sumasang-ayon (Strongly Agree) |
| 9. Nakikilala ko ang mga biro at ang takbo ng usapan. | 0.51 | 4.73 | Lubos na Sumasang-ayon (Strongly Agree) |
| 10. Tumutugon ako ng may paggalang sa mga papuri o paumanhin. | 0.42 | 4.78 | Lubos na Sumasang-ayon (Strongly Agree) |
| **Kabuuan** | **0.47** | **4.71** | **Lubos na Sumasang-ayon (Strongly Agree)** |

Batay sa *Talahanayan 2.3*, makikita na ang pangkalahatang resulta para sa **Kakayahang Pragmatik at Istratedyik** ng mga guro at mag-aaral ay nasa antas ng "**Lubos na Sumasang-ayon"** *(mean = 4.71; standard deviation = 0.47)*. Ipinapahiwatig nito na mahusay ang kanilang kasanayan sa paggamit ng wika sa mga praktikal na sitwasyon at sa paglalapat ng mga estratehiya upang maging mas mabisa ang komunikasyon.

Bukod dito, kapansin-pansin ang mataas na *mean* na *4.83* sa pahayag na "*Gumagamit ako ng tamang bantas sa pagsulat*," na nagpapakita ng mataas na antas ng kamalayan at kasanayan ng

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 5| May 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

mga kalahok sa wastong paggamit ng mga mekanismo ng pagsulat, partikular sa paggamit ng bantas, na mahalaga sa pagbuo ng malinaw at epektibong mensahe. Samantala, ipinapakita ng mababang *standard deviation* na *0.38* ang mataas na pagkakapare-pareho sa mga tugon ng mga kalahok, na nagpapahiwatig ng konsistent nilang pananaw ukol sa kanilang kakayahang Kakayahang Pragmatik at Istratedyik.

**Talahanayan 2.3** ***Kakayahang Diskorsal***

| Kakayahang Diskorsal | Std Devn | Mean | Description |
|---|---|---|---|
| 1. Ginagamit ko ang wika sa pagsasalita para maghambing, magbahagi, at magpaliwanag ng mga konsepto at mga paniwala. | **0.46** | **4.70** | Lubos na Sumasang-ayon (Strongly Agree) |
| 2. Nagsusulat ako ng iba't ibang uri ng teksto na may tamang estruktura. | 0.59 | 4.10 | Sumasang-ayon (Agree) |
| 3. Nailalapat ko ang mga tuntunin ng gramatika at ang kahulugan ng teksto ayon sa kategoryang tula. | 0.60 | 4.28 | Lubos na Sumasang-ayon (Strongly Agree) |
| 4. Nailalapat ko ang mga tuntunin ng gramatika at ang kahulugan ng teksto ayon sa kategoryang pagsasalaysay. | 0.67 | 4.40 | Lubos na Sumasang-ayon (Strongly Agree) |
| 5. Nagsusulat ako ng argumentatibong teksto gamit ang mga tamang tuntunin ng gramatika at kahulugan. | 0.64 | 4.05 | Sumasang-ayon (Agree) |
| 6. Nakakaunawa at nakapagpahayag ang ako gamit ang isang tiyak na wika. | 0.53 | 4.65 | Lubos na Sumasang-ayon (Strongly Agree) |
| 7. May kakayahan akong makibahagi sa isang pormal na talakayan o kumbensyon. | 0.68 | 4.43 | Lubos na Sumasang-ayon (Strongly Agree) |
| 8. May kakayahan akong magpakilala at makipagpalitan ng pahayag. | 0.64 | 4.50 | Lubos na Sumasang-ayon (Strongly Agree) |
| 9. Sumusunod ako sa mga patakaran tungkol sa kantidad, kalidad, relasyon, at paraan ng komunikasyon. | 0.55 | 4.53 | Lubos na Sumasang-ayon (Strongly Agree) |
| 10. Kaya kong pagdugtungin ang mga kahulugan ng pangungusap o pahayag sa pagsasalita o pagsulat man. | 0.68 | 4.45 | Lubos na Sumasang-ayon (Strongly Agree) |
| **Kabuuan** | **0.63** | **4.41** | **Lubos na Sumasang-ayon (Strongly Agree)** |

Ayon sa Talahanayan 2.3, ipinapakita na ang pangkalahatang resulta para sa **Kakayahang Diskorsal** ng mga guro at mag-aaral ay nasa antas ng **"Lubos na Sumasang-ayon"** *(mean = 4.41; standard deviation = 0.63)*. Ipinahihiwatig nito ang positibong pananaw ng mga kalahok hinggil sa kanilang kakayahang gamitin ang wika para sa mga praktikal na layunin at sa pagbuo ng mga estratehiyang nagpapahusay sa komunikasyon.

Dagdag dito, kapuna-puna ang mataas na *mean* na *4.70* sa pahayag na "*Ginagamit ko ang wika sa pagsasalita para maghambing, magbahagi, at magpaliwanag ng mga konsepto at mga paniwala*," na nagpapakita ng mataas na kasanayan ng mga kalahok sa malinaw na pagpapahayag, pagbabahagi, at pagpapaliwanag ng mga ideya at konsepto.

Kaakibat nito, ipinapakita ng *standard deviation* na *0.46* na may mataas na antas ng pagkakapare-pareho sa pagtataya ng sariling kakayahan, ngunit may pagkakaiba-iba sa antas ng kompiyansa o dalas ng paggamit ng mga kasanayang ito sa iba't ibang konteksto. Bukod pa rito, makikita na **Sumasang-ayon** lamang ang mga kalahok sa mga pahayag na "*Nagsusulat ako ng iba't ibang uri ng teksto na may tamang estruktura*" (*mean = 4.10; standard deviation = 0.59)* at *"Nagsusulat ako ng argumentatibong teksto gamit ang mga tamang tuntunin ng gramatika at kahulugan" (mean = 4.05; standard deviation = 0.64)*, na nagpapakita ng bahagyang mas mababang antas ng kompiyansa sa pagsulat kumpara sa iba pang aspeto ng kanilang diskorsal na kasanayan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 5| May 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

### C. Makabuluhang Pagkakaiba sa pagitan ng Komunikatibong Kasanayan Guro at Mag-aaral

**Talahanayan 3**

| Komunikatibong Kasanayan ng Guro at Mag-aaral | T Statistics | P-value | Remarks |
|---|---|---|---|
| Lingguwistik | 16.50 | <0.001 | Significant |
| Sosyolingguwistik | 9.63 | <0.001 | Significant |
| Pragmatik at Istratedyik | 15.87 | <0.001 | Significant |
| Diskorsal | 12.38 | <0.001 | Significant |

Ayon sa resulta ng *paired-sample t-test*, may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kasanayan sa komunikasyon ng mga guro at mag-aaral. Ang *t-statistic* para sa kakayahang lingguwistiko *(t = 16.50)* ay nagpapakita ng matibay at makabuluhang kontribusyon, na nagpapahiwatig na ang Kakayahang Lingguwistiko ay isang kritikal na salik sa pagtatamo ng mabisang komunikasyon sa pagitan ng guro at mag-aaral. Kaugnay nito, ang Kakayahang Pragmatic at Istratedyik ay nagpakita din ng napakataas at makabuluhang *t-value*, na nagsasaad na ang kakayahang gumamit ng wika nang angkop sa iba't ibang konteksto at ang epektibong paggamit ng mga estratehiya sa komunikasyon ay mahalagang salik sa pagpapaigting ng ugnayang komunikatibo. Dagdag pa, ang Kakayahang Diskorsal ay lumitaw bilang isang malakas at makabuluhang tagapag-ambag, na nagpapakita na ang kaisahan, kohesyon, at lohikal na daloy ng diskurso ay nakatutulong upang higit na mapadali ang pag-unawaan ng mga guro at mag-aaral. Samantala, bagama't ang Kakayahang Sosyolingguwistiko ay nagpakita lamang ng katamtamang bilang ng *t-value*, ito ay nanatiling makabuluhan. Ipinapahiwatig nito na bagama't mahalaga ang Sosyolingguwistikong Kakayahan, ito ay may bahagyang maliit na papel kumpara sa iba pang komponent ng komunikasyong wika.

### D. Kaugnayan ng Komunikatibong Kasanayan ng Guro at Komunikatibong Kasanayan ng mga Mag-aaral

**Talahanayan 4**

| Komunikatibong Kasanayan ng Guro at Mag-aaral | Pearson's r | P-value | Remarks |
|---|---|---|---|
| Lingguwistik | 0.876 | <0.001 | Significant |
| Sosyolingguwistik | 0.513 | <0.001 | Significant |
| Pragmatik at Istratedyik | 0.667 | <0.001 | Significant |
| Diskorsal | 0.734 | <0.001 | Significant |

Ayon sa *Pearson's Correlation*, may positibo at makabuluhang ugnayan sa komunikatibong kasanayan ng mga guro at mag-aaral. Ang pinakamataas na korelasyon ay nasa lingguwistikong aspekto ($r = 0.876$, $p < 0.001$), na nagpapahiwatig na habang tumataas ang kasanayang lingguwistiko ng guro, tumataas din ang kasanayan ng mag-aaral sa parehong larangan. Ang sosyolingguwistikong kakayahan ay may katamtamang ugnayan ($r = 0.513$), samantalang ang pragmatik at istratedyik ($r = 0.667$) at diskorsal ($r = 0.734$) ay may matibay na positibong relasyon. Ang mga resultang ito ay nagpapatunay na may mahalagang papel ang guro sa paghubog ng kasanayang pangkomunikasyon ng mag-aaral.

### E. Impluwensiya ng Komunikatibong Kasanayan ng Guro sa Komunikatibong Kasanayan ng mga Mag-aaral

**Talahanayan 5**

Model Coefficients – Student

| Predictor | Estimate | SE | t | p |
|---|---|---|---|---|
| *Intercept* | -3.8502 | 4.400 | -0.8750 | 0.422 |
| *Teacher Linguistic* | 0.2534 | 0.248 | 1.0216 | 0.354 |
| *Teacher Sociolinguistic* | 0.0182 | 0.277 | 0.0657 | 0.950 |
| *Teacher Pragmatic and Strategic* | 1.2192 | 0.963 | 1.2659 | 0.261 |
| *Teacher Discourse* | 0.1674 | 0.310 | 0.5396 | 0.613 |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 5| May 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Ayon sa resulta ng regresyon, lumalabas na wala sa mga predictor mula sa komunikatibong kasanayan ng guro ang may statistically significant na epekto sa komunikatibong kasanayan ng mga mag-aaral (lahat ng **p > 0.05**). Gayunpaman, ang kakayahang pragmatik at istratedyik ang may pinakamataas na estimate (**1.2192, p = 0.261**), na bagama't hindi makabuluhan sa estadistikal na antas, ay nagpapahiwatig ng potensyal na impluwensiya. Ipinapahiwatig nito na ang iba pang salik, gaya ng personal na motibasyon ng mag-aaral o kanilang kapaligiran sa pagkatuto, ay maaaring may higit na epekto sa kanilang kasanayan.

## 2. KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang pag-aaral na ito ay pagsusuri sa komunikatibong kasanayan pagtuturo at pagkatuto sa Filipino ng mga piling guro at piling mag-aaral sa Dibisyon ng Bayugan City upang makapagmungkahi ng mga programa sa pagsulong ng kasanayan sa wikang Filipino at matulungan ang mga gurong paunlarin ang kanilang mga komunikatibong kakayahan sa wikang Filipino.

Pagkatapos masuri ng mananaliksik ang nalikom nilang datos, sila ay humantong sa mga sumusunod na kongklusyon na: 1) May mataas na antas ng komunikatibong kasanayan ang mga guro at mag-aaral, subalit may mga tiyak na kakulangan lalo na sa aspeto ng pagsulat at diskorsal na kasanayan. 2)Bagaman may positibong ugnayan sa kasanayan ng guro at mag-aaral, may iba pang salik tulad ng motibasyon, kapaligiran, at suporta na higit na nakaaapekto sa pagkatuto. 3) Ang mga guro ay patuloy na humaharap sa hamon ng modernong panahon bagaman may kakulangan sa kahandaan ngunit kakikitaan ng kapasidad na mapagtagumpayan ang suliranin sa kasalukuyan.

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, inirerekomenda ng mga mananaliksik ang mga sumusunod: Nararapat na magsagawa ng regular at inklusibong pagsasanay na angkop sa lokal na konteksto at kasalukuyang kurikulum para sa mga guro sa Filipino. Lumikha ng alternatibong pamamaraan at estratehiya upang mapukaw ang interes ng mga mag-aaral sa pagbasa at pagsulat. Iminumungkahi rin na muling suriin at rebisahin ang kurikulum sa Filipino upang ito ay maging mas kontekstuwalisado, makabuluhan, at nakabatay sa kulturang Pilipino. Sa mga susunod na mananaliksik, mainam na palawakin pa ang saklaw ng pag-aaral upang masaklaw ang iba't ibang rehiyon, antas ng paaralan, at pananaw ng mga magulang, pati na rin ang pagbuo ng *training design* na tumutugon sa pangangailangan ng mga guro sa Filipino.

## MGA REFERENSIYA

1. *Abdullah, A. S. (2022). Impact of pragma-linguistic & socio-pragmatic components on understanding english pragmatic utterances. Linguistics and Culture Review, 6(1), 222–229. https://doi.org/10.21744/lingcure.v6n1.2197*
2. *Ablakulov, I. S.. (2023). Formation of communicative competence in english language teaching. 3(5), 73–76.*
3. *Al-Samarrai, S.. (2016). Assessing basic education service delivery in the Philippines : public education expenditure tracking and quantitative service delivery study.*
4. *Andrade, C. (2020). The inconvenient truth about convenience and purposive samples. Indian Journal of Psychological Medicine, 43(1), 86–88. https://doi.org/10.1177/0253717620977000*
5. *Canubas, C. (2021). Professional development, instructional materials, and pedagogy on the performance of filipino language teachers. International Journal of Science and Research (IJSR), 10(3). https://www.ijsr.net/archive/v10i3/SR21309080231.pdf*
6. *Co, A. G. E., Abella, C. R. G., & De Jesus, F. S.. (2021). Teaching Outside Specialization from the Perspective of Science Teachers. 8(8), 1–13. https://doi.org/10.4236/oalib.1107725*
7. *Creswell, J. (2014). Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches (4th ed.). SAGE. https://books.google.com.ph/books?id=4uB76IC_pOQC&printsec=frontcover&source=gbs_ge_summary_r&cad=0#v=onepage&q&f=false*
8. *Dawit, D.A (2020). Strategic Competence and its implication in language teaching. Inter. J. Eng. Lit. Cult. 8(5): 143-149*
9. *George, T. (2023). Mixed Methods Research | Definition, Guide & Examples. Scribbr. https://www.scribbr.com/methodology/mixed-methods-research/*
10. *Gime, A. V. (2023). Ang pangangailangang pagpapaunlad ng mga guro sa senior high school ng/sa Filipino tungo sa makabuluhang pasanayan. International Journal of Research Studies in Education, 12(4). https://doi.org/10.5861/ijrse.2023.2002*
11. *Markova, N. G., & Ishimova, A. I. (2022). The development of the prospective teacher's communicative competence as an indicator of successful professional activity. 11(2). https://doi.org/10.55355/snv2022112306*
12. *Nincevic, M., & Juric Vukelic, D.. (2023). Social and Communication Competences of Students: Future Teachers. 6(1). https://doi.org/10.2478/ejed-2023-0006*
13. *Shin, M., Jung, K. H., & Jin, C. H.. (2021). Recognition of Importance and Performance of Teachers' Communicative Ability.30(1). https://doi.org/10.15724/JSLHD.2021.30.1.115*
14. *Tica-a, P. F.. (2023). Techniques and Challenges of Teachers in Contextualizing Filipino 7 Instruction. 3(1). https://doi.org/10.56901/aavg9034*
15. *Vorwerg, C.. (2015). Communicative Competence, Linguistic Aspects (2nd ed.).ScienceDirect. https://doi.org/https://doi.org/10.1016/B978-0-08-097086-8.53042-6*
16. *Younas, A., Fàbregues, S., & Creswell, J. W. (2023). Generating metainferences in mixed methods research: A worked example in convergent mixed methods designs. Methodological Innovations, 16(3), 276-291. https://doi.org/10.1177/20597991231188121*